# Ang Tinapay Ng Buhay



Lingguhang Pagkain

Issue 11



"Ako lamang ang nakakaalam ng mga panukalang inihahanda ko para sa ikakabuti ninyo, at para dulutan kayo ng pag-asa sa hinaharap." Jeremias 29:11

## MAY PLANO ANG DIYOS PARA SA IYO

**"Ako lamang ang nakakaalam ng mga panukalang inihahanda ko para sa ikakabuti ninyo, at para dulutan kayo ng pag-asa sa hinaharap." --Jeremias 29:11**

Sa araw-araw na paglakad nating kasama ang Panginoong Jesus, napag-aaralan natin ang mga bagong sekreto sa kaharian ng Diyos, na siyang nagpapasigla sa ating pamumuhay. Ang mga sekretong ito ay higit pa sa mga kayamanan dahil ito'y mga karunungang natatago sa mga pangkaraniwang tao at nahahayag sa mga nakasumpong ng pagpapahalaga ng Panginoong Diyos. At habang ang mga sekretong ito ay ating isinasagawa sa aktual nating pamumuhay, higit nating nauunawaan ang kapaligiran at maliwanag na nakikita ang mga bagong prebilihiyo sa hinaharap.

Ang Panginoon ay Diyos na mahabagin at mapagmahal. Nilalang Niya tayo na kahalintulad Niya, sa kabanalan at katapatan. Nilalang Niya tayo ng buong-buo at hangarin Niya na makita tayo sa tamang kaugalian at pamamaraan. Wika ng mang-aawit: **"Ako'y magpapasalamat sa Iyo; sapagkat nilalang ako na kakilakilabot at kagilagilalas: Kagilagilalas ang Iyong mga gawa; At nalalamang mabuti ng aking kaluluwa." (Awit 139:14)** Ang bawat isa'y nilalang ng Diyos na naiiba ngunit pantay-pantay ang pagtingin Niya sa isa't isa. Napag-isipan ni Haring David ito noong nakausap niya ang Panginoon. **"Ano nga ang tao upang Iyong alalahanin? Ay ano nga siya na sukat mong kalingahin? Nilikha mo siya na halos kapantay ng iyong luningning at kadakilaan! Pinamahala mo sa buong daigdig, sa lahat ng bagay malaki't maliit; Mga baka't tupa, hayop na mabangis at lahat ng ibong nasa himpapawid at maging sa isda sa ilalim ng tubig." (Awit 8:4-8)**

Ang Bibliya ay malinaw na naghahayag na ang Diyos ay may dakilang hangarin sa atin; at kung paano Niya tayo pinapahalagahan. Sa Genesis, ang Aklat ng Pasimula, binigyan ng Diyos ang tao ng kapangyarihang mamuno sa lahat ng Kanyang nilalang. Binigyan tayo ng Diyos ng higit pa sa ating mga kailangan. (Kaya't dapat nating papurihan ang Diyos!) Subalit nalalaman natin na mula kay Adan at Eba naging makasalanan ang tao dahil sa pagsuway nila sa utos ng Diyos, at sila ay napaalis sa halamanan ng Eden. Gayun pa man, ang Diyos ay gumawa ng daan para hanguin tayo sa kasalanan patungo sa

buhay na walang hanggan. **"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang pananampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." (Juan 3:16)** Ginawa ng Diyos ito upang matupad ang Kanyang plano. Wika ni Hesus: **"Kaya lamang pupunta rito ag magnanakaw ay upang magnakaw, pumatay, at magwasak. Naparito ako upang ang mga tupa'y magkaroon ng buhay – isang buhay na ganap at kasiya-siya." (Juan 10:10)**

Kahit anumang pagsubok ang nakaumang sa ating harapan, tulad ng kahirapan o problema, nais ng Diyos na magtagumpay tayo at ito'y magaganap kung lubos tayong magtiwala sa Panginoong Jesus at sundin ang Kanyang Salita. Ang plano ng Diyos ay ibangon tayo mula sa pagkalugmok natin sa kasalanan. Kung tayo'y lalapit sa Kanya ng may kapakumbabaan tayo'y Kanyang papatawarin. Kung atin Siyang hanapin makikita natin Siya ng mukhaan.

Sa kapanahunan ni propeta Jeremias, ang mga taong hinirang ng Diyos ay napalayas sa Lupaing Pangako at natapon bilang mga bihag dahil sa kanilang mga kasalanan tulad ng pag-aasawa ng dayuhan at pagsamba sa mga diyos-diyusang gawa ng sarili nilang kamay. Ang kanilang kasalanan ang nagpabagsak sa kanila. Ang pagsuway nila sa Diyos ang dahilan ng kanilang pagkabihag at paghihirap. Wika ng Diyos: **"Sandaling panahon kita'y iniwanan, ngunit dahil sa tapat kong pag-ibig muli kitang kupkupin. Sa tindi ng galit nilisan kita sandali, ngunit habang panahon kong ipadarama sa inyo ang tapat kong pagmamahal." (Isaias 54:78)** Maging sa kapanahunan natin ngayon, tayo ay nasa ganitong sitwasyon. Tayo'y parang mga bihag, dinaranas natin ang kabigatan ng buhay at hindi malaman kung saang direksiyon tutungo. Ngunit ang wika ng Panginoong Diyos:

**1. <u>Ako lamang ang nakakaalam ng mga panukala para sa iyo</u>:** Ang Diyos ay handang maghayag sa atin ang Kanyang plano at kumpletong detalye ng tunay na buhay kung tayo'y manumbalik sa Kanya. *"Binibinigay ng Diyos ng karunungan ang bawa't taong may takot sa Kanya at sumusunod sa Kanyang mga utos."* Marami ang tumatanggap kay Jesus bilang Panginoon, ngunit hangga ngayon ay paikut-ikot pa rin at di malaman kung saan ang tungo ng buhay. Kung ikaw'y nasa ganitong kalagayan dapat mong malaman ang plano ng Diyos.

**2. <u>Mga panukalang inihahanda ko para sa ikakabubuti mo</u>:** Maraming pagkakataun na tumatanggi tayong isuko ang ating sariling plano sa Diyos dahil wala tayong buong tiwala sa Kanyang Kapangyarihan. *"Si Yahweh ang aking pastol, hindi ako magkukulang" (Awit 23:1)* Huwag tayong matakot na bumalik sa Diyos, at tayo'y mananagana. Kung tayo'y magsisi at magpakumbaba, tatanggap tayo ng biyaya, kagalingan, at higit sa lahat kaalaman at karunungan sa magpapatakbo sa ating buhay upang matukoy ang tunay na kasiyahan.

**3. <u>Panukalang magbigay sa'yo ng pag-asa sa hinaharap</u>:** Ang mga malalayo sa Diyos, sila'y napapagod sa pagsusumikap na maangat sa buhay. Wala silang inaasahan kundi mga bagay lang na nakikita, at wala silang nakikitang pag-asa sa hinaharap. Ang malinaw na pag asa ay ang kasagutan sa hindi maayus-ayos na problema o sitwasyon sa buhay. Ang pag-asa ay ang imposible na pwedeng maging possible. Ang tunay na pag-asa ay ang tamang daan at tamang pamamaraan sa buhay. *"Sumagot si Jesus, Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko." (Juan 14:6)*

**Kaibigan,** ang Diyos ay naghihintay sa manunumbalik mo sa Kanya. Katulad ng sinabi Niya, *"Kung maganap na ito, kayo'y tatawag, lalapit at dadalangin sa akin, at diringgin ko naman kayo. Ako'y hahanapin ninyo't masusumpungan kung buong puso ninyo akong hahanapin." (Jeremias 29:12-13)* Kaibigan, akuin mo ang pangako ng Diyos para sa iyong sarili, para sa iyong pamilya at mga minamahal. Ang Panginoong Jesus lamang ang makakahango sa atin mula sa kadiliman patungo sa buhay na ganap at kasiya-siya, at sa buhay na walang hanggan.

**Panalangin:** *"Panginoong Diyos, nanunumbalik po ako sa Inyo. Ihayag N'yo po ang magandang panukala Mo para sa akin. Ituro Mo, Panginoong Jesus, sa akin ang tunay mong mga Salita na magpapalaya sa akin mula sa pagkabihag. O Diyos, sa Iyo ko inilalagak ang aking buhay at isipan. Isinusuko ko po ang aking sariling mga plano sa buhay at sa Iyo ako magtitiwala para magkaroon ako ng pag-asa sa hinaharap. Ito ang aking samo at dalangin sa pangalan ni Jesus na aking Tagapagligtas."* **Amen.**